Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-10 NG AGOSTO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 179-2020**

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAPAPAGKALOOBAN NG *LIFE AND HOSPITAL INSURANCE COVERAGE* (PHILIPPINE HEALTH INSURANCE) o PHILHEALTH AT BUWANANG TULONG PINANSYAL BILANG FOOD AND TRANSPORTATION ALLOWANCE KADA-GRUPO ANG MGA KASAPI NG *FORCE MULTIPLIER* NG TANGGAPAN NG PANLUNGSOD NA PULISYA.**

AKDA NINA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA AT KGG. NOEL G. PINEDA,
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO,
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA,
KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** gampanin ng Pamahalaang Lokal ang pagpapanatili ng kaayusan at kaligtasan ng kanyang mga mamamayan, gayundin ang pangangalaga sa buhay at ari-arian ng kanyang mga nasasakupan at isulong ang kagalingang panlipunan na siyang itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring "Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas 1991";

**SAPAGKAT,** ang kapulisyahan ang pangunahing ahensya ng pamahalaan ang siyang naatasang magpatupad ng mga batas pang-nasyonal, panglalawigan, panglungsod at pangbarangay na ganap na pinagtibay na may bisa ng batas;

**SAPAGKAT,** batid ng Pamahalaang Panlungsod ang kakulangan sa bilang ng mga pulis na naka-destino sa Himpilan ng Pulisya sa Lungsod na sa kasalukuyan ay may bilang na 103 kasama ang mga opisyal nito na sadyang kulang upang mabantayan ang may 252,000 na mamamayan ng dakilang Lungsod;

**SAPAGKAT,** dahil sa kakulangang ito ay minarapat na magbuo at hikayatin ang mga indibidwal upang tumulong sa pagpapanatili ng kaayusan ng lungsod o ang mga tinatawag na force multiplier;

**SAPAGKAT,** malaking tulong ang mga kasapi ng *force multiplier* sa mga operasyon ng kapulisan gaya ng Oplan Sumvac, Oplan Balik Eskwela, Oplan Iwas Paputok, sa pagsasagawa ng mga check points at iba pa;

**SAPAGKAT,** hindi alintana ang panganib sa pagtupad na ito sa kanilang mga tungkulin, bilang mga boluntaryo kahit abutin pa sila ng gabi sa lansangan at buong katapatan at husay nilang ginagampanan ang mga ini-atang na tungkulin ng walang anumang hinihintay na kapalit;

**SAPAGKAT,** marapat lamang na ang mga kasapi nito ay mabigyan o mapagkalooban ng kaukulang benepisyo gaya ng *group insurance* at *monthly allowance* kada-grupo na siyang magagamit sa kanilang pagtupad sa tungkulin;

Sa kahilingan ni Kgg. **Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat, ay

HON. NOEL G. PINEDA
CITY VICE MAYOR

HON. FRANCISCO J. CASTRO, CITY COUNCILOR | HON. NINO CARLO C. BAUTISTA, CITY COUNCILOR | HON. KIRK LOUIS NICOLAS, CITY COUNCILOR | HON. MICHAEL M. AQUINO, CITY COUNCILOR | HON. ENRICO C. CAPULE, CITY COUNCILOR

HON. PATRICK S. DELA CRUZ, CITY COUNCILOR
HON. DIONISIO C. MENDOZA, CITY COUNCILOR
HON. MIGUEL CARLOS B. SOTO, CITY COUNCILOR
HON. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, CITY COUNCILOR
HON. EDGARDO F. DOMINGO, CITY COUNCILOR
HON. EMMANUEL R. SACAY, CITY COUNCILOR
HON. DENNIS D. SAN DIEGO, CITY COUNCILOR

**KUNG KAYA'T IPINASIYA**, gaya ng ditoý ginagawang pagpapasya na sinang-ayunan ng lahat na magalang na humihiling sa mabunying Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na mapagkalooban ng *Life and Hospital Insurance* (Philippine Health Insurance) o Philhealth at buwanang tulong pinansiyal bilang Food and Transportation Allowance kada-grupo ang mga kasapi ng *force multiplier* sa Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08102020